NEW

# NIC Nihongo Class　Tumatanggap ng Aplikante

- ✧ Ito ang Nihongo (Japanese) Class para sa may 16 taong gulang pataas.
- ✧ Ang sentro ng pagtuturo ay sa pag-uusap.　Matututunan ang wikang Hapon at ang tungkol sa pamumuhay sa Japan habang nakikipag-usap sa boluntaryong guro.
- ✧ Hindi gagamit ng aklat.

＜Makakasali＞　May edad na 16 taong gulang pataas na ang sariling wika ay hindi Nihongo
(Bibigyan ng prayoridad ang mga naninirahan sa loob ng Lungsod ng Nagoya)

＜Panahon ng Pagtuturo＞　Tuwing Linggo, sa loob ng 3 buwan
（Septyembre 15 ~ Nobyembre 17, 2024）（90 minutong klase × 10 beses）

＜Lugar＞　Conference Room　5F Nagoya International Center

＜Bayad sa Pagsali＞　￥1,000　(Para sa 10 beses na kabuuan)
※ Ang inyong ibinayad ay hindi na ibabalik.

＜Mga Klase＞

| Kurso | Oras | Bilang ng Makakasali | *Level* at Mga Sakop ng Aralin |
|---|---|---|---|
| **NIHONGO 1** | 10:00～11:30 | 15 katao | Mag-aaral na may *basic ~ beginner level*. Pag-aaralan ang simpleng pagbati at ang pakikipag-usap na kailangan sa pang-araw-araw na pamumuhay, atbp. |
| | 12:00～13:30 | 15 katao | |
| **NIHONGO 2** | 10:00～11:30 | 15 katao | Mag-aaral na may *beginner ~ middle level*. Pag-aaralan ang pakikipag-usap na kailangan sa pang-araw-araw na pamumuhay, mga ekspresyon sa *Nihongo* at iba pang aralin, para sa mas komportableng pamumuhay. |
| | 12:00～13:30 | 15 katao | |

※Paki-*check* ang sariling *level* sa *Nihongo* at piliin ang sasalihang kurso.
※Pakibasa ang likurang papel para sa paraan ng pag-*check* ng inyong *level*..

＜Iskedyul ng Aplikasyon at Panayam/ Bibigyan ng prayoridad ang mga naninirahan sa loob ng Lungsod ng Nagoya＞

| | |
|---|---|
| Agosto 25 (Linggo) 10:00～ | Pagtanggap sa O*nline Application*<br>※Basahin ang paliwanag sa likuran ng papel at mag-*apply* pagkatapos ma-*check* ang sariling *level*.<br>Makakatanggap kayo ng confirmation mail mula sa NIC. Tumawag po kayo sa NIC sa ika-6 ng Septyembre (Biyernes) hanggang alas-12 ng tanghali kung wala kayong natanggap. |
| Septyembre 8 (Linggo)<br>10:00 / 12:00 | Panayam at Pagbabayad<br>※Ang oras at lugar ay ipapaalam sa *e-mail*. |

※Basahing mabuti ang paliwanag sa likuran ng papel.

## ■ Aplikasyon（First-come, first-served）【Online】

（＊Bibigyan ng prayoridad ang mga naninirahan sa loob ng Lungsod ng Nagoya)

Agosto 25 (Linggo) 10:00～

※Ito ay first-come, first-served basis, kaya kapag naabot na ang kapasidad, ilalagay namin kayo sa waiting list.

・Petsa at Oras ng Panayam:　Septyembre 8, (Linggo)　10:00 a.m. o 12:00 noon

・Lugar ng Panayam:　Conference Room　5F Nagoya International Center

① Mag-apply sa pamamagitan ng pagsagot sa *Application Form* ng NIC *Website*.

**【★Paraan ng Pag-check ng Inyong *Nihongo Level*】**

Bago mag-apply, ay kinakailangang paki-check ninyo muna ang inyong Nihongo level sa website ng 「つながるひろがる」（“Tsunagaru Hirogaru”）

https://tsunagarujp.bunka.go.jp/question

Pakilagay ninyo ang inyong *Level Check Result* sa NIC website *Application Form*.

＜Klase＞ NIHONGO 1:　Aplikanteng nasa Level 1　　NIHONGO 2:　Aplikanteng nasa Level 2

※「Tandaan natin ang mga kapaki-pakinabang na parirala sa Wikang Hapon.」

→ Maaaring mahirap para sa ‘yo ang Nihongo 1 at Nihongo 2 ng "NIC Japanese Class" .

※「Subukan nating aralin ang Antas 3.」「Ang iyong kakayahan sa Wikang Hapon ay mas mataas sa antas na inaasahan sa website na ito.」

→ Maaaring madali para sa ‘yo ang Nihongo 1 at Nihongo 2 ng "NIC Japanese Class".

※Gawin ninyo ang *level check* sa wikang inyong naiintindihan.

Makakapamili ng wika mula sa menu na nasa kanan sa itaas.

※Siguraduhin na ang kukuha ng *level check* ay ang mismong aplikante na mag-aaral.

②Ang NIC ang magpapaalam ng oras ng inyong panayam.

※Maaari lamang makapag-apply sa 1 kurso, ang 1 aplikante.　Hindi maaaring mag-apply sa 2 kurso.

※Sa *settings* ay paki-*set* na agad ang pag-*accept* ng e-mail address na: “@nic-nagoya.or.jp” upang makatanggap kayo ng e-mail mula sa NIC.

## ■Panayam・Pagbabayad【Pagpunta sa Tanggapan ng NIC】

**Septyembre 8 (Linggo) 10:00 / 12:00**

・Pagkatapos ng inyong aplikasyon, ay pumunta sa 5F Nagoya International Center, sa oras na nakalagay sa tinanggap ninyong *e-mail*.

・Bayaran ang *participation fee*.　Magdala po kayo ng inyong pambayad bago pumunta. (Hangga’t maaari ay magdala po kayo ng eksaktong halaga upang hindi na kailanganin ang panukli.)

Tiyaking ipaalam sa amin kung liliban sa pagpasok！!

Paalala: Kapag umabsent ng 3 beses na sunod-sunod at hindi kumontak para magbigay abiso, kakanselahin ang iyong rehistrasyon at hindi na maaaring makasali sa natitirang sesyon sa ganap na semestre.

公益財団法人名古屋国際センター　Nagoya International Center

[TEL] 052-581-5689　[E-mail] vol@nic-nagoya.or.jp　[Web] https://www.nic-nagoya.or.jp/

本事業は、名古屋市の指定管理事業です。